**PANUNUMPA NG LINGKOD BAYAN**

AKO'Y ISANG LINGKOD-BAYAN / KATUNGKULAN KO ANG MAGLINGKOD / NANG BUONG KATAPATAN AT KAHUSAYAN / AT MAKATULONG SA KATATAGAN AT KAUNLARAN NG AKING BAYAN.

MAGIGING BAHAGI AKO / NG KAAYUSAN AT KAPAYAPAAN SA PAMAHALAAN / AT MAGIGING HALIMBAWA AKO / NG ISANG MAMAMAYANG MASUNURIN / AT NAGPAPATUPAD NG MGA UMIIRAL NA BATAS AT ALITUNTUNIN / NANG PANTAY-PANTAY AT WALANG KINIKILINGAN

MAGSISIKAP AKONG PATULOY NA MARAGDAGAN / ANG AKING KABATIRAN AT KAALAMAN / ANG BAWAT SANDALI AY ITUTURING KONG GINTONG BUTIL / NA GAGAWIN KONG KAPAKI-PAKINABANG.

LAGI KONG ISASAALANG-ALANG ANG INTERES NG NAKARARAMI / BAGO ANG PANSARILI KONG KAPAKANAN / ISUSULONG KO ANG MGA PROGRAMANG MAG-AANGAT / SA ANTAS NG KABUHAYAN NG MGA MAHIHIRAP / AT AKTIBO AKONG MAKIKIBAHAGI / PARA SA MGA DAKILANG LAYUNIN SA LIPUNAN.

HINDI AKO MAGIGING BAHAGI / AT ISISIWALAT KO ANG ANUMANG KATIWALIAN / NA MAKAKAABOT SA AKING KAALAMAN / SA LAHAT NG PANAHON / AKING PAGSISIKAPANG MAKATUGON / SA HAMON SA LINGKOD BAYAN. / ANG LAHAT NG ITO / PARA SA ATING DAKILANG LUMIKHA / AT SA ATING BAYAN / KASIHAN NAWA AKO NG PANGINOON.